

# Seksyon 1557: Pagprotekta sa Mga Indibidwal Laban Sa Sekswal na Diskriminasyon

---

Ang Seksyon 1557 ay ang probisyon para sa mga karapatang sibil ng Affordable Care Act of 2010 (Batas para sa Abot-Kayang Pangangalaga ng 2010). Ipinagbabawal ng Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad o kapansanan sa ilang partikular na programa at aktibidad na pangkalusugan. Nalalapat ang huling panuntunan ng Seksyon 1557 sa anumang programa o aktibidad na pangkalusugan na tumatanggap ng pondo mula sa Department of Health and Human Services (HHS, Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao), gaya ng mga ospital na tumatanggap ng Medicare o mga doktor na tumatanggap ng bayad mula sa Medicaid; Mga Marketplace ng Insurance na Pangkalusugan at mga issuer na kasali sa mga naturang Marketplace; at anumang programang pangkalusugan na ipinapatupad mismo ng HHS.

Malinaw na nakasaad sa panuntunan na kasama sa ipinagbabawal na sekswal na diskriminasyon sa Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa:

- Kasarian ng isang indibidwal
- Pagbubuntis, panganganak at mga nauugnay na medikal na kundisyon
- Sekswal na pagkakakilanlan
- Mga stereotype bilang isang babae o lalaki

## Mga Proteksyon laban sa Sekswal na Diskriminasyon

- Hindi dapat tanggihan ang pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan o saklaw na pangkalusugan sa mga indibidwal batay sa kanilang kasarian, kasama ang kanilang sekswal na pagkakakilanlan at mga stereotype bilang isang babae o lalaki.
- Dapat maging patas ang pakikitungo sa mga lalaki at babae pagdating sa natatanggap nilang pangangalagang pangkalusugan at nakukuhang insurance.
- Ang mga pagbubukod o limitasyon sa saklaw para sa lahat ng serbisyong pangkalusugan na nauugnay sa pagpapalit ng kasarian ay may diskriminasyon.
- Dapat pakitunguhan ang mga indibidwal nang naaayon sa kanilang sekswal na pagkakakilanlan, kasama ang pag-access sa mga pasilidad. Gayunpaman, hindi maaaring tanggihan o limitahan ng mga provider ang panggagamot para sa anumang mga serbisyong pangkalusugan na karaniwan o eksklusibong available sa mga indibidwal ng isang kasarian, dahil lang napapabilang ang indibidwal na humihiling ng mga serbisyo sa ibang kasarian.
- Pahihintulutan lang ang mga programa o aktibidad na pangkalusugan na partikular sa isang kasarian kung mapapatunayan ng entity na talaga namang kinakailangan ito, ang ibig sabihin, mahalaga ang naturang programa o aktibidad na pangkalusugan na partikular sa isang kasarian sa pag-abot ng isang mahalagang layunin na nauugnay sa kalusugan o siyensya.
- Kung hindi mareresolba ng huling panuntunan kung isang uri ng sekswal na diskriminasyon sa Seksyon 1557 ang diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon ng isang indibidwal, malinaw na nakasaad sa panuntunan na susuriin ng OCR ang mga reklamo laban sa pinaghihinalaang sekswal na diskriminasyon na nauugnay sa sekswal na oryentasyon ng naturang indibidwal upang malaman kung nauugnay ang mga ito sa mga stereotype na maaaring tugunan ng Seksyon 1557. Alinsunod sa patakaran, sinusuportahan ng HHS ang pagbabawal sa diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon, at patuloy nitong susubaybayan ang mga legal na hakbang kaugnay ng isyung ito.

Upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Seksyon 1557, bisitahin ang <http://www.hhs.gov/civil-rights/for-individuals/section-1557>.